



**Pagsusuri ng
California sa
Pag-unlad sa
Wikang Ingles**

GABAY SA MGA ULAT NG PAGSUSURI

Ang gabay na ito ay makakatulong sa mga magulang at iba pa sa pagbasa ng *Ulat sa Antas ng Pagganap ng Mag-aaral sa Pagsusuri ng California sa Pag-unlad sa Wikang Ingles (CELDT)*.

Mga Layunin ng Pagsusuri

Ang mga distrito ng paaralan ay inaatasang suriin ang mga kahusayan sa wikang Ingles ng mga bagong mag-aaral na ang wika sa tahanan ay hindi Ingles at mga mag-aaral na nag-aaral ng Ingles. Gumagamit ang mga distrito ng CELDT. Ang mga layunin ng CELDT ay:

- Kilalanin ang mga nag-aaral ng Ingles sa kindergarten hanggang ikalabing-dalawang baitang
- Sukatin ang antas ng kahusayan nila sa Ingles
- Suriin ang progreso nila sa pag-aaral ng Ingles kada taon

Ayos ng Pagsusuri

Ang CELDT ay batay sa mga 1999 pamantayan sa pag-unlad ng wikang Ingles sa California. Ang Ingles na salin ng mga pamantayan ay nasa pahina ng Kagawaran ng Edukasyon ng California (CDE) sa Web sa <http://www.cde.ca.gov/be/st/ss/documents/englangdevstnd.pdf>. Ang salin sa Espanyol ay nasa <http://www.cde.ca.gov/be/st/ss/documents/eldspan.pdf>.

Sinusukat ng CELDT ang mga kahusayan sa wikang Ingles sa apat na mga saklaw: Pakikinig, Pagsasalita, Pagbabasa, at Pagsusulat.

Ang saklaw ng **Pakikinig** ay sumusukat kung gaano kahusay nakakaunawa ang mga mag-aaral sa impormasyong narinig sa Ingles. Sinusundan ng mga mag-aaral ang mga tagubiling binasa nang malakas at ipinapakita na nauunawaan nila ang impormasyon at mga kuwentong binasa sa kanila. Sa kindergarten hanggang ikalawang baitang, ang mga mag-aaral ay pinapabigkasi din ng mga katagang nagririma sa ibang mga kataga.

Ang saklaw ng **Pagsasalita** ay sumusukat kung gaano kahusay naipapahayag ng mga mag-aaral ang mga nasasa-isip at sagutin ang mga tanong sa Ingles. Pinapangalanan sa mga mag-aaral ang mga bagay at mga pinaggagamitan ng mga ito, tumutugon sa mga tanong, at magsasalaysay ng mga kuwento batay sa mga larawan.


Ang saklaw ng **Pagbabasa** ay sumusukat kung gaano kahusay nakakapagbasa ang mga mag-aaral sa Ingles. Sa kindergarten at unang baitang (K-1), ang mga mag-aaral ay pinapatukoy ng mga bahagi ng libro, pangalanan ang mga titik at mga tunog ng mga ito, at magbasa ng mga simpleng kataga at pangungusap. Sa ikalawa hanggang ikalabing-dalawang mga baitang (2-12), ang mga mag-aaral ay pinapapili ng mga kataga para mabuo ang mga pangungusap, magpakita ng kaalaman sa bokabularyo at mga patakaran sa pagbuo ng mga kataga, at magpakita kung gaano karami ang nauunawaan nila kapag nagbabasa.

Ang saklaw ng **Pagsusulat** ay sumusukat kung gaano kahusay nakakapagsulat ang mga mag-aaral sa Ingles. Sa K-1, ang mga mag-aaral ay pinapakopya ng mga titik at mga kataga, pinagsusulat ng mga simpleng kataga batay sa kuwentong binasa sa kanila at pangalanan ang karaniwang pagbantas at pagpalaki ng letra na kailangan sa maikling pangungusap. Sa mga baitang 2-12, hinihiling sa mga mag-aaral na magpakita ng kaalaman nila sa balarila, magsulat ng mga pangungusap at magsulat ng maikling komposisyon.

Ang mga halimbawang tanong sa pagsusuri ng CELDT sa Ingles ay mahahanap sa dokumentong *Mga Pinalabas na Tanong ng CELDT*. Ito ay nasa pahina ng CDE sa Web sa <http://www.cde.ca.gov/ta/tg/el/resources.asp>.

Ang Ulat sa Antas ng Pagganap ng Mag-aaral

Sa ibaba ay isang halimbawa ng *Ulat sa Antas ng Pagganap ng Mag-aaral sa CELDT*. Nagpapakita ito ng iskor at antas ng pagganap ng mag-aaral sa bawat saklaw at Kabuuan. Para sa K-1, ang Kabuuang iskor ay ang kabuuan ng 45 porsiyento sa Pakikinig, 45 porsiyento sa Pagsasalita, 5 porsiyento sa Pagbabasa, at 5 porsiyento sa Pagsusulat. Para sa mga baitang 2-12, ang Kabuuang iskor ay ang katampatan ng lahat ng apat na iskor sa mga saklaw. Ang bawat iskor sa saklaw at ang Kabuuang iskor ay inilalagay sa isa sa limang antas ng pagganap na maaaring makamit ng mag-aaral. Ang mga antas ay: Nagsisimula, Maagang Panggitna, Panggitna, Maagang Nauuna, Nauuna. Ibinibigay din ang isang iskor sa pag-intindi (ang katampatan ng mga iskor sa saklaw ng Pakikinig at Pagbabasa).



Alamat:

- A: Pangalan ng mag-aaral (apelyido, unang pangalan) at tirahan ng magulang/tagapag-alaga
- B: Pangalan at baitang ng mag-aaral
- C: Pagsubok layunin
- D: Petsa ng kaarawan, pangunahing wika, at mga numero ng pang-estado at lokal na ID ng mag-aaral
- E: Paaralan at distrito kung saan ginawa ang pagsusuri

- F: Kabuuan at pang-saklaw na mga iskor, ang bawat isa ay may kasamang sakop ng mga posibleng iskor sa iskala
- G: Mga Antas ng Pagganap (Nauuna, Maagang Nauuna, Panggitna, Maagang Panggitna, at Nagsisimula)
- H: Mga bar at mga iskor sa iskala na nagpapakita ng antas ng pagganap ng mag-aaral para sa bawat saklaw at Kabuuan
- I: Iskor sa Pag-intindi
- J: Paano Basahin ang Ulat na Ito

Sa *Ulat sa Antas ng Pagganap ng Mag-aaral*, ang taas ng mga bar ay nagpapakita kung gaano kahusay gumanap ang mag-aaral. Ipinapakita ng unang bar ang Kabuuang antas ng pagganap. Ipinapakita ng ibang mga bar kung gaano kahusay gumanap ang mag-aaral sa bawat saklaw.

Tumutulong ang mga iskor ng CELDT, mga iskor mula sa ibang mga pagsusuri, at impormasyon mula sa mga guro at magulang sa paaralan na magpasya sa mga uri ng pagtuturo na dapat matanggap ng mag-aaral. Upang magprogreso sa CELDT, dapat magsikap ang mag-aaral para maging bihasa sa lahat ng saklaw. Ang impormasyon tungkol sa kung paano matutulungan ang mag-aaral na matugunan ang layuning ito ay makukuha sa paaralan.

Kung ang pagbabago sa pagsusuri o ibang pagsusuri ang ginamit para sa isa o higit pang mga saklaw, ang (mga) saklaw ay mamarkahan ng asterisko (*), at ang ulat ay magkakaroon ng talababa na ito:

* May pagbabago sa pagsusuri o kahaliling pagtasa na ginamit sa pamamahala ng saklaw na ito. Ang mga pagbabago at kahaliling pagtasa ay nagpapabago sa nais sukatin ng CELDT, samakatuwid, matatanggap ng mag-aaral ang pinakamababang maaaring makuhang iskor sa iskala (LOSS). Dahil pinapababa ng LOSS ang Kabuuang iskor, dapat mag-ingat sa pagbigay-kahulugan sa mga resulta.

Kung may nangyaring problema sa pagsusuri, ang apektadong (mga) saklaw ay mamarkahan ng simbolong “^”, at ang ulat ay magkakaroon ng talababang ito:

^ May naganap na hindi regular sa pagsusuri habang pinamamahalaan ang saklaw na ito. Higit pang impormasyon ang maaaring makuha sa paaralan.

Mga Tagapaglarawan ng Pagganap sa Pagsusuri ng CELDT

Ipinapaliwanag ng Mga Tagapaglarawan ng Kabuuang Pagganap sa Pagsusuri ng CELDT kung ano ang alam at magagawa ng mga mag-aaral sa Ingles sa bawat antas: Ang mga *Tagapaglarawan* sa bawat saklaw ay nakalaan sa Ingles sa likuran ng *Ulat sa Antas ng Pagganap ng Mag-aaral*. Ang mga tagapaglarawan ng pagganap sa Kabuuan at pagsusuri sa saklaw sa Ingles at ibang mga wika para sa mga baitang na K-1, 2, 3-5, 6-8, at 9-12 ay mahahanap online sa <http://www.celdt.org/resources/im/>.

Karagdagang Impormasyon Tungkol sa CELDT

Ang karagdagang impormasyon tungkol sa CELDT ay maaaring mahanap sa pahina ng CDE sa Web sa <http://www.cde.ca.gov/ta/tg/el/>.

[As a form of assistance to schools, the CDE offers this translation free of charge. Because there can be variations in translation, the CDE recommends that users confer with local translators to determine any need for additions or modifications, including the addition of local contact information or local data, or modifications in language to suit local needs. Comments regarding the translation should be directed to the Clearinghouse for Multilingual Documents at cmd@cde.ca.gov.]